ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# SINTAKTIKONG PAGSUSURI SA MGA SANAYSAY NG MGA MAG-AARAL: BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

**Mary Jane L. Vasquez**[1], **Medelyn M. Montenegro**[2]
[1]*Jacinto P. Elpa National High School, Capitol Hills, Telaje, Tandag City*
[2]*North Eastern Mindanao State University, Tandag City*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra28474**
**DOI No: 10.36713/epra28474**

## ABSTRAK

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang mga sintaktikong kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino sa antas ng parirala, sugnay, at pangungusap, tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa paglitaw ng mga kamaliang ito, at makabuo ng kagamitang pampagkatuto bilang interbensiyon upang mapahusay ang kanilang sintaktikong kasanayan sa pagsulat. Ginamit sa pag-aaral ang mixed-method na disenyo ng pananaliksik upang makalikom ng kapwa kwantitatibo at kwalitatibong datos. Lumahok sa pag-aaral ang tatlumpung (30) mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang ng Jacinto P. Elpa National High School sa Dibisyon ng Tandag City na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Sinuri ang mga sanaysay at piling sulatin ng mga kalahok upang matukoy ang mga sintaktikong kamalian, habang isinagawa ang panayam upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagsulat. Natuklasan na katamtaman ang antas ng sintaktikong kamalian sa antas ng parirala (M=14), samantalang mataas naman sa antas ng sugnay (M=17) at pangungusap (M=18). Sa antas ng parirala, pinakakaraniwan ang maling pag-uugnay ng mga bahagi ng pananalita at kalabisan ng salita. Sa antas ng sugnay, nangingibabaw ang hindi malinaw na pagpapahayag ng ideya, samantalang sa antas ng pangungusap ay pinakamarami ang maling paggamit at kawalan ng wastong bantas. Ipinakikita ng mga natuklasan na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw at organisadong mga ideya sa antas ng sugnay at pangungusap. Natukoy rin na ang mga pangunahing salik na nakaaapekto sa paglitaw ng mga sintaktikong kamalian ay kakulangan sa bokabularyo, kahirapan sa pagpapahayag ng mga ideya sa Filipino, impluwensya ng unang wika at wikang Ingles, kakulangan sa kaalaman sa mga tuntuning gramatikal, limitadong kasanayan sa pagsulat, at kahinaan sa organisasyon ng pag-iisip sa pagbuo ng mga ideya. Bilang tugon sa mga natuklasan, nakabuo ang mananaliksik ng kagamitang pampagkatuto na pinamagatang Linang-Sulat: Paglinang ng Sintaktik na Kasanayan sa Pagsulat ng Iba't Ibang Teksto. Ito ay isang web-based at printed na modyul na naglalaman ng mga aralin, pagsasanay, at pagtataya na nakatuon sa paglinang ng wastong paggamit ng sintaks at pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino.*

**MGA SUSING SALITA**: Sintaktikong Kamalian, Sintaks, Pagsulat Sa Filipino,Web-based na Kagamitang Pampagkatuto, Sanaysay ng mga Mag-Aaral

## INTRODUKSYON

Ang sintaktikong kakayahan ay mahalagang bahagi ng epektibong paggamit ng wikang Filipino, lalo na sa akademikong pagsulat. Bilang pambansang wika, itinatadhana ng Konstitusyon ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6, na ang wikang Filipino ay dapat patuloy na paunlarin at payabungin bilang midyum ng komunikasyon at edukasyon. Sa kontekstong pang-akademiko, ang pagsulat ng sanaysay ay isa sa mga gawaing sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang kaisipan sa malinaw, organisado, at makahulugang paraan. Upang maisakatuparan ito, kinakailangan ang wastong paggamit ng sintaksis sapagkat ito ang nagbibigay kaayusan sa pagbuo ng mga parirala, sugnay, at pangungusap. Dahil dito, ang pagsusuri sa sintaktikong aspekto ng mga sanaysay ay mahalagang hakbang upang maunawaan ang kalagayan ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at matukoy ang mga bahaging nangangailangan ng pagpapaunlad.

Kaugnay nito, ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na patuloy na nakararanas ang mga mag-aaral ng iba't ibang suliranin sa pagsulat na may kaugnayan sa paggamit ng wika at estruktura ng pangungusap. Natukoy nina Arsate et al. (2025) ang mga karaniwang kamalian sa pagbubuo ng pangungusap at paggamit ng balarila sa mga mag-aaral sa *Senior High School*. Gayundin, iniulat nina Bante et al. (2024) ang paglitaw ng iba't ibang kamaliang gramatikal tulad ng maling pagkakaayos ng mga salita at iba pang estruktural na kamalian sa pagsulat. Binigyang-diin naman ni Tica-A (2024) na ang kakulangan sa kaalamang pambalarila ay isa sa mga pangunahing sanhi ng mga kamaliang gramatikal sa naratibong sanaysay. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na bagama't mahalaga ang kasanayan sa pagsulat,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

marami pa ring mag-aaral ang nahaharap sa mga hamong may kaugnayan sa wastong paggamit ng sintaksis at gramatika.

Ang mga suliraning ito ay higit pang pinagtibay ng isang pag-aaral na isinagawa ni Into (2024) gamit ang datos mula sa DepEd–*Bureau of Education Assessment* (BEA), kung saan natuklasang marami sa mga mag-aaral ang nagtataglay pa rin ng limitadong kasanayan sa pagsulat matapos ang pandemya. Ipinahihiwatig ng resulta ng pag-aaral na kinakailangan pang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya sa pagsulat. Gayunpaman, bagama't may mga pag-aaral na tumatalakay sa pangkalahatang kasanayan sa pagsulat at mga kamaliang panggramatika, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nagsusuri nang masinsinan sa mga sintaktikong kamalian sa antas ng parirala, sugnay, at pangungusap. Higit na kakaunti ang mga pag-aaral na ginagamit ang mga natuklasang sintaktiko bilang batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto. Dahil dito, nananatiling may puwang sa literatura na nangangailangan ng masusing pag-aaral.

Bilang tugon sa nasabing pangangailangan, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na masuri ang mga sintaktikong kamaliang makikita sa mga sanaysay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, inaasahang matutukoy ang mga karaniwang suliranin sa pagbuo ng parirala, sugnay, at pangungusap na nakaaapekto sa kalidad ng kanilang pagsulat. Higit sa lahat, magsisilbing batayan ang mga natuklasan sa pagbuo ng isang angkop na kagamitang pampagkatuto na tutugon sa mga natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, inaasahang makatutulong ang pag-aaral hindi lamang sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat kundi maging sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino sa antas ng *Senior High School.*

Kaugnay nito, binigyang-diin ng *Error Analysis Theory* ni Corder (1967) na ang mga kamalian ng mag-aaral ay mahalagang palatandaan ng kanilang kasalukuyang pagkatuto. Ipinapakita naman ng *Interlanguage Theory* ni Selinker (1972) na ang pagkatuto ng ikalawang wika ay may pansamantalang sistemang nahuhubog sa pagitan ng unang wika at target na wika. Samantala, ayon sa *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978), ang pagkatuto ay nahuhubog sa pamamagitan ng interaksyong panlipunan at suporta mula sa kapaligiran. Ipinahihiwatig ng mga teoryang ito na ang sintaktikong kamalian ay bunga ng pinagsamang kognitibo, lingguwistiko, at sosyal na salik sa pagkatuto.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang mga sintaktikong mali sa mga sanaysay ng mga mag-aaral upang maging batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsulat at pagbuo ng pangugusap.

Tinitiyak na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng bawat uri ng sintaktikong mali na nagagawa ng mga mag-aaral sa pag-uugnay ng mga bahagi ng pananalita sa:
   1.1. parirala,
   1.2. sugnay, at
   1.3. pangungusap?
2. Ano ang posibleng sanhi ng mga sintaktikong mali sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino?
3. Anong kagamitang pampagkatuto ang mabubuo batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral na ito ng *mixed-methods* na disenyo na pinagsasama ang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang makapagbigay ng mas komprehensibo at mas malalim na pag-unawa sa paksa.

Isinagawa ang pag-aaral sa *Senior High School* ng Jacinto P. Elpa National High School, Capitol Hills, Barangay Telaje, Tandag City, Surigao del Sur. Pinili ang institusyong ito bilang lokasyon ng pag-aaral dahil angkop ito sa pangangalap ng kinakailangang datos mula sa mga mag-aaral na tumutugon sa layunin ng pananaliksik.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng tatlumpung (30) mag-aaral mula sa Ikalabing-isang Baitang na naka-enrol sa asignaturang Filipino sa isang napiling seksyon. Pinili sila sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) mag-aaral ng Ikalabing-isang Baitang; (2) kumukuha ng asignaturang Filipino; (3) nakapagsulat ng sanaysay; at (4) kusang-loob na lumahok sa pag-aaral.

Mula sa kabuuang kalahok, sampung (10) mag-aaral ang napili para sa malalimang panayam *(in-depth interview*) upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagsulat. Ang pagpili sa kanila ay batay sa boluntaryong pagsang-ayon at kahandaang magbahagi ng kanilang karanasan.

Ang pangunahing instrumento ng pag-aaral ay ang mga sanaysay ng mga mag-aaral at labinlimang (15) piling sulatin na nahahati sa limang uri: naratibo, deskriptibo, impormatibo, argumentatibo, at prosidyural na tig-tatlo bawat uri. Gumamit ng rubrik sa pagtukoy ng antas ng sintaktikong kamalian na inangkop mula kay Baldon (2026), na tumalakay sa pagsusuri ng mga karaniwang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino 7, at binago upang umangkop sa layunin ng pag-aaral. Dagdag pa rito, gumamit din ng gabay na tanong para sa panayam. Ang lahat ng instrumento ay sumailalim sa *content validation* ng mga eksperto upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at kredibilidad ng mga ito.

Gumamit ang pag-aaral ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri ng datos. Sa kwantitatibong bahagi, isinagawa ang *content analysis* at ginamit ang *mean* upang matukoy ang antas ng sintaktikong kamalian sa antas ng parirala, sugnay, at pangungusap. Gumamit din ng *coding system* S1–S30 para sa Sanaysay at PS para sa Piling Sulatin upang maayos na maorganisa ang datos.

Sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang *thematic analysis* upang suriin ang mga tugon sa panayam. Ang mga datos ay binasa, kinodigo, pinangkat, at binuo sa mga tema upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa paglitaw ng mga sintaktikong kamalian.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

## RESULTA AT DISKUSYON

Sa bahaging ito, inilahad ang mga resulta gamit ang mga talahanayan upang maging malinaw at sistematiko ang presentasyon ng datos. Bawat talahanayan ay sinundan ng maikling talakayan upang ipaliwanag ang kahulugan at implikasyon ng mga natuklasan.

### A. Antas ng Sintaktikong Kamalian ng mga Mag-aaral

***Talahanayan 2.1: Antas ng Sintaktikong Kamalian sa Parirala***

| Uri ng Sintaktikong Mali | *Mean* | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Maling pagkakasunod-sunod ng salita sa parirala | 14 | 3 | Katamtaman |
| Maling pagtutugma ng panuring at tinuturingan | 13 | 3 | katamtaman |
| Maling pag-uugnay ng mga bahagi ng pananalita sa parirala | 16 | 4 | Mataas |
| Maling pagpili o paggamit ng pang-ukol sa parirala | 10 | 2 | Mababa |
| Kalabisan ng salita sa parirala | 16 | 4 | Mataas |
| Kakulangan ng salita sa parirala | 15 | 3 | Katamtaman |
| **Kabuuang Mali** | **14** | **3** | **Katamtaman** |

**Leyenda:**

| Bilang ng Pagkakamali | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 21 Pataas | 5 | Napakataas |
| 16-20 | 4 | Mataas |
| 11-15 | 3 | Katamtaman |
| 6-10 | 2 | Mababa |
| 0-5 | 1 | Napakababa |

Makikita sa Talahanayan 2.1 ang mga sintaktikong kamalian sa antas ng parirala. Batay sa resulta, ang kabuuang *mean* ay 14 na may antas 3 at interpretasyong Katamtaman. Ipinahihiwatig nito na paminsan-minsan lamang nagkakaroon ng kamalian ang mga mag-aaral sa pagbuo at pag-uugnay ng mga salita sa loob ng parirala, na nagpapakita ng sapat na kasanayan ngunit may mga tiyak na aspekto pang nangangailangan ng pagpapaunlad.

Ang ganitong kalagayan ay sumasang-ayon sa pananaw sa literaturang sintaktiko na nagsasabing ang pagbuo ng parirala ay nakasalalay sa organisadong ugnayan ng mga bahagi ng pananalita at sa wastong estruktura ng wika, kaya't ang anumang paglihis dito ay nagreresulta sa bahagyang pagkalabo ng kahulugan. Sa ganitong diwa, ipinapakita rin sa mga pag-aaral nina Valenzuela (2025) at Radford (2023) na ang kahinaan sa organisasyon ng sintaktikong yunit gaya ng parirala ay nagmumula sa hindi pa ganap na kasanayan sa padron ng wika, partikular sa ugnayan ng panuring at salitang-ugat sa loob ng parirala, na nagdudulot ng hindi ganap na kontrol sa daloy ng ideya.

Lumitaw na ang pinakamataas na *mean* ay parehong nakuha ng maling pag-uugnay ng mga bahagi ng pananalita sa parirala at kalabisan ng salita sa parirala na may *mean* na 16 at antas 4 na may interpretasyong Mataas. Ipinapakita nito na nananatili ang kahinaan sa wastong pagkakabuo ng parirala at sa pag-iwas sa *redundancy*, na nagdudulot ng pagkalabo ng mensahe at kahinaan sa organisasyon ng ideya. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Siregar et al. (2023), na naglalahad na ang maling ayos ng salita at labis na paggamit ng mga salita ay nakaaapekto sa kalinawan ng komunikasyong pasulat. Kaugnay nito, binibigyang-diin din sa mga natuklasan nina Aisyah at Subekti (2023) na ang mga kamaliang *misformation* at *misordering* ay karaniwang lumilitaw sa yugto ng *interlanguage development*, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nasa proseso pa ng pag-aangkop sa tamang padron ng target na wika.

Ang pinakamababang *mean* ay nakuha ng maling paggamit ng pang-ukol sa parirala na may *mean* na 10, antas 2, at interpretasyong Mababa. Ipinahihiwatig nito na mas bihira ang ganitong uri ng kamalian kumpara sa iba pang aspekto ng parirala. Ipinapaliwanag sa mga pag-aaral nina Oshima at Hogue (2020) na ang mga salitang pangkayarian tulad ng pang-ukol ay mas mabilis nalilinang sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay at malawak na pagkakalantad sa akademikong pagsulat. Dagdag pa rito, ipinapakita sa mga pag-aaral sa pag-unlad ng parirala at sugnay na ang ilang gramatikal na palatandaan ay mas mabilis natututuhan dahil sa madalas at nakasanayang paggamit sa input ng wika.

Bilang praktikal na implikasyon, kinakailangang isaalang-alang ang pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto na nakatuon sa pagpapalakas ng sintaktikong organisasyon ng parirala. Higit pa rito, mahalagang maglaan ng mga gawain na nakatuon sa pagwawasto ng *redundancy*, pagpapalakas ng wastong pag-uugnay ng mga salita, at pagpapaunlad ng kamalayan sa istruktura ng parirala upang mas malinang ang malinaw at lohikal na pagsulat ng mga mag-aaral

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 2.2: Antas ng Sintaktikong Kamalian sa Sugnay***

| Uri ng Sintaktikong Mali | *Mean* | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Maling paggamit ng pangatnig sa pag-uugnay ng mga sugnay | 17 | 4 | Mataas |
| Hindi malinaw na ideya ng sugnay | 19 | 4 | Mataas |
| Maling estruktura ng sugnay (Kulang o mali ang simuno at panaguri) | 17 | 4 | Mataas |
| Maling paglalagay ng pantulong na sugnay | 14 | 3 | Katamtaman |
| Maling ugnayan ng sugnay na makapag-isa at di makapag-iisa | 17 | 4 | Mataas |
| **Kabuuang Mali** | **17** | **4** | **Mataas** |

**Leyenda:**

| Bilang ng Pagkakamali | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 21 Pataas | 5 | Napakataas |
| 16-20 | 4 | Mataas |
| 11-15 | 3 | Katamtaman |
| 6-10 | 2 | Mababa |
| 0-5 | 1 | Napakababa |

Ipinapakita sa Talahanayan 2.2 ang antas ng mga sintaktikong kamalian sa sugnay. Batay sa resulta, ang kabuuang *mean* ay 17 na nasa antas 4 at may interpretasyong Mataas. Ipinahihiwatig nito na madalas na nakararanas ang mga mag-aaral ng kamalian sa pagbuo at pag-uugnay ng mga sugnay, na mahalagang salik sa malinaw at lohikal na pagpapahayag ng kaisipan.

Lumitaw na ang pinakamataas na *mean* ay nasa kategoryang hindi malinaw na ideya ng sugnay na may *mean* na 19 at antas 4 at may interpretasyong Mataas. Ipinapakita nito na pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ang kalinawan ng mensahe sa antas ng sugnay, na nagreresulta sa pagkalito sa daloy ng ideya at kahulugan ng pangungusap. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa mga pag-aaral nina Siregar et al. (2023) at Pham at Pham (2024) na ang kahinaan sa estruktura ng pangungusap at hindi angkop na organisasyon ng ideya ay nagdudulot ng hindi malinaw at hindi epektibong komunikasyong pasulat.

Ang pinakamababang *mean* ay nakuha ng maling paglalagay ng pantulong na sugnay na may *mean* na 14, antas 3, at interpretasyong Katamtaman. Ipinahihiwatig nito na hindi ito kasinglaganap kumpara sa ibang uri ng kamalian sa sugnay. Kaugnay nito, ipinapakita sa mga pag-aaral nina Aisyah at Subekti (2023) at Radford (2023) na ang mga kamalian sa istrukturang pangsugnay at ayos ng salita ay unti-unting nalilinang sa pamamagitan ng mas madalas na pagkakalantad sa mga pattern ng wika, kaya't nagiging mas bihira ang ganitong uri ng kamalian sa paglipas ng panahon.

Mula sa kabuuang resulta, malinaw na ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral ay nakasentro sa kalinawan ng ideya at wastong pagbuo ng sugnay, samantalang mas limitado ang kamalian sa paggamit ng pantulong na sugnay. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan ng higit na pagpapalakas sa kasanayan sa pagbuo ng lohikal, malinaw, at organisadong mga sugnay upang mapabuti ang kalidad ng kanilang pagsulat.

Ipinapakita na kinakailangan ang pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbuo ng sugnay. Mahalaga ang mga gawaing nakapokus sa pagpapalinaw ng ideya, wastong pag-uugnay ng mga bahagi ng pangungusap, at pagsasanay sa istrukturang pangsugnay upang mabawasan ang mga kamalian at mapahusay ang organisasyon ng pagsulat ng mga mag-aaral.

***Talahanayan 2.3: Antas ng Sintaktikong Kamalian sa Pangungusap***

| Uri ng Sintaktikong Mali | *Mean* | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Hindi buo ang diwa ng pangungusap | 17 | 4 | Mataas |
| Maling pagtutugma ng paksa at panaguri | 15 | 3 | Katamtaman |
| *Run-on sentence*/dikit-dikit na pangungusap | 17 | 4 | Mataas |
| Maling paggamit at kawalan ng wastong bantas na nakaaapekto sa estruktura ng pangungusap | 21 | 5 | Napakataas |
| Hindi lohikal na pagkakaugnay ng mga ideya sa pangungusap | 19 | 4 | Mataas |
| **Kabuuang Mali** | **17** | **4** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Leyenda:**

| Bilang ng Pagkakamali | Antas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 21 Pataas | 5 | Napakataas |
| 16-20 | 4 | Mataas |
| 11-15 | 3 | Katamtaman |
| 6-10 | 2 | Mababa |
| 0-5 | 1 | Napakababa |

Batay sa resulta ng Talahanayan 2.3 na tumatalakay sa antas ng mga sintaktikong mali sa pangungusap, makikita na ang kabuuang *mean* ay 18, nasa Antas 4 at may interpretasyong Mataas. Ipinahihiwatig nito na madalas nagkakaroon ng pagkakamali ang mga mag-aaral sa pagbuo ng maayos at wastong estruktura ng pangungusap, na mahalaga sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga ideya.

Sinusuportahan ito ng mga kaugnay na pag-aaral sa sintaks na nagsasabing ang kahinaan sa pagbuo ng pangungusap ay karaniwang bunga ng limitadong kasanayan sa estruktura ng sugnay at lohikal na pag-uugnay ng mga ideya sa loob ng pangungusap. Ayon kina Radford (2023) at Martin at Cruz (2025), ang pangungusap ay binubuo ng organisadong ugnayan ng mga sangkap na sintaktiko, at ang anumang pagkakamali sa pagkakaayos nito ay direktang nakaaapekto sa linaw at pagkakaugnay ng teksto. Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Aisyah at Subekti (2023) na ang mga ganitong uri ng kamalian ay bahagi ng pag-unlad ng interlengguwahe, kung saan ang mga mag-aaral ay patuloy pang inaangkop ang kanilang panloob na balarila sa target na wika.

Lumabas na ang may pinakamataas na *mean* ay ang maling paggamit at kawalan ng wastong bantas na nakaaapekto sa estruktura ng pangungusap, na may *mean* na 21, Antas 5, at interpretasyong Napakataas. Ipinapakita nito na ito ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral, kung saan ang maling paggamit o kakulangan ng bantas ay nagdudulot ng kalituhan at nakasisira sa daloy ng kanilang mga pangungusap. Kaugnay nito, ipinapakita sa mga pag-aaral nina Oshima at Hogue (2020) na ang bantas ay mahalagang bahagi ng organisasyon ng nakasulat na diskurso sapagkat ito ang nagtatakda ng hangganan ng mga ideya at sugnay sa pangungusap. Kapag ito ay kulang o mali ang paggamit, nagkakaroon ng kalabuan at nagiging mahirap sundan ang lohikal na daloy ng mensahe. Sinusuportahan din ito ng pananaw sa sintaktikong pagsusuri nina Martin, Quiroz, at Wang (2023) na ang organisasyon ng teksto ay nakasalalay sa maayos na pagmamarka ng ugnayan ng mga ideya sa loob nito, kabilang ang paggamit ng bantas bilang sistemang pananda ng kahulugan.

Ang pinakamababang *mean* ay ang maling pagtutugma ng paksa at panaguri na nakapagtala ng mean na 15, Antas 3, at interpretasyong Katamtaman. Ipinapakita nito na paminsan-minsan lamang nagiging suliranin ang ganitong uri ng kamalian at hindi kasing laganap kumpara sa iba pang uri ng sintaktikong mali.

Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral sa pagkatuto ng balarila na ang pagtutugma ng paksa at panaguri ay mas madaling nalilinang kaysa sa mas komplikadong operasyong sintaktiko, lalo na kapag may sapat na pagkalantad sa huwarang gamit ng wika at tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsulat. Kaugnay nito, binibigyang-diin nina Valenzuela (2025) at Radford (2023) na ang mga batayang ugnayang sintaktiko ay mas mabilis nagiging awtomatiko sa proseso ng pagkatuto ng wika, kaya't mas mababa ang antas ng kamalian kumpara sa mas malalalim na estruktural na kamalian.

Ang pinakamalaking hamon sa antas ng pangungusap ay ang wastong paggamit ng bantas at ang lohikal na pag-uugnay ng mga ideya. Ipinahihiwatig nito na ang suliranin ay hindi lamang nakasentro sa simpleng kaalamang gramatikal kundi pati sa mas malawak na organisasyong sintaktiko at diskurso ng pangungusap. Alinsunod sa mga teorya ng pagsusuri ng kamalian at interlengguwahe nina Corder (1967) at Selinker (1972), ang mga kamaliang ito ay likas na bahagi ng proseso ng pagkatuto ng wika at nagsisilbing batayan upang matukoy kung aling aspekto ng sintaks ang nangangailangan ng mas masusing pagsasanay at interbensiyong pampagkatuto.

Ipinapakita ng resulta na kinakailangan ang mas nakatuong pagtuturo sa wastong paggamit ng bantas at sa pagbuo ng malinaw at lohikal na pangungusap. Mahalagang makabuo ng mga kagamitang pampagkatuto at gawaing pampagsasanay na nakatuon sa pag-oorganisa ng mga ideya sa antas ng pangungusap, partikular sa tamang pagmamarka ng mga sugnay at sa pagbuo ng magkakaugnay na estruktura. Iminumungkahi rin ang mas madalas na pagsasanay sa pagsusulat na may gabay na pagwawasto *(guided writing feedback)* upang mabawasan ang paulit-ulit na kamalian at mapalakas ang kamalayang sintaktiko ng mga mag-aaral sa aktuwal na paggamit ng wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**B. Mga Posibleng Sanhi ng mga Sintaktikong Mali sa Pagsulat**

**Talahanayan 3.1 Tema 1: Kakulangan sa Bokabularyo at Kahirapan sa Pagsasalin**

| Kalahok | Orihinal na Pahayag | Salin sa Filipino |
|---|---|---|
| K1 | *"Maglisud ako magsumpay ng mga words example ang 'ng' ug 'nang' nan wa pa nako mahibaw-an ma'am."* | "Nahihirapan akong pagsamahin ang mga salita tulad ng "ng" at "nang" dahil hindi ko pa ito alam." |
| K2 | *"May mga times na mahirap ang topic. Sa Journalism ang category ko is Filipino. Kapag ang factsheet is English tapos lawom ang words, mahirap sya i-translate sa Filipino kaya minsan nagkaroon ng grammatical error ang sinulat ko."* | "May mga pagkakataon na mahirap ang paksa. Sa Journalism, Filipino ang kategorya ko. Kapag ang factsheet ay nasa Ingles at malalalim ang mga salita, nagiging mahirap itong isalin sa Filipino kaya minsan nagkakaroon ng mga gramatikal na pagkakamali ang aking isinusulat." |
| K5 | *"Nagkakamali po ako sa pagbuo ng pangungusap kapag mag isip ng pwede mabagay na words ug yaun ikuan mag isip sab ng deep na tagalog."* | "Nagkakamali ako sa pagbuo ng pangungusap kapag iniisip ko kung anong mga salitang angkop gamitin, lalo na kapag kailangan ko pang mag-isip ng mas malalalim na salitang Tagalog." |
| K7 | *"Para sa ako maglisud ako usahay paghimo ng sentence when it comes kun uno ako pilion na words ug unoy iya pasabot kay wa ako kabawo sa iban na words ug sa meaning."* | "Nahihirapan ako minsan sa paggawa ng pangungusap kapag kailangan kong pumili ng mga salita at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito, dahil hindi ko alam ang ibang salita at ang kahulugan ng mga iyon." |
| K9 | *"Sa tingin ko nagkakamali ako kasi nahihirapan akong ayusin yung mga salita lalo na kapag mahaba na yung gusto kong sabihin. Usahay pud kay masanay ko mag Bisaya, naman maglibog ko sa Filipino nga structure."* | "Sa tingin ko, nagkakamali ako dahil nahihirapan akong ayusin ang mga salita, lalo na kapag mahaba na ang gusto kong sabihin. Minsan din, sanay ako sa Bisaya kaya nalilito ako sa istruktura ng Filipino." |
| K10 | *"Kulang ko ug vocabulary mao balik-balik akong words."* | "Kulang ako sa bokabularyo kaya paulit-ulit ang aking mga salita." |

Ipinapakita sa Talahanayan 3.1, ang kakulangan sa bokabularyo at kahirapan sa pagsasalin ay mga pangunahing sanhi ng sintaktikong kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Batay sa mga pahayag ng mga kalahok, lumilitaw na ang limitadong kaalaman sa mga salitang Filipino lalo na sa wastong gamit ng mga salitang tulad ng "ng" at "nang" ay nagiging hadlang sa maayos na pagbuo ng pangungusap. Sinusuportahan ito nina Alodos at Tomas (2024) na nagsasabing ang kakulangan sa kaalaman sa gramatika at bokabularyo ay nagdudulot ng mga kamalian sa pagsulat.

Ipinakita rin nina K5, K7, at K10 na nahihirapan silang pumili ng angkop na salita at unawain ang kahulugan nito, kaya nagreresulta sa maling estruktura at hindi malinaw na pagpapahayag ng ideya. Ayon kina Matusalem et al. (2025), ang limitadong bokabularyo ay nakaaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

Samantala, ipinahihiwatig ng pahayag ni K2 na ang pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino, lalo na sa mga teknikal o malalalim na termino, ay nagdudulot din ng kamaliang gramatikal. Ipinapakita nito ang epekto ng interlingual transfer, na ayon kina Torres at Mayo (2025) ay nagiging sanhi ng sintaktikong pagkakamali sa pagsulat. Kaugnay nito, binigyang-diin ni K9 na ang impluwensya ng unang wika ay nagdudulot ng kalituhan sa estruktura ng Filipino, na sinusuportahan nina Wisudayanti at Hikmaharyanti (2021) sa konsepto ng *interlanguage development.*

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na kinakailangan ang mas malawak na pagpapaunlad ng bokabularyo, pagpapalakas ng kasanayan sa pagsasalin, at pagbibigay ng angkop na interbensiyong pampagtuturo upang mabawasan ang mga sintaktikong kamalian at mapahusay ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 3.2 Tema 2: Impluwensya ng Unang Wika at Ingles***

| Kalahok | Orihinal na Pahayag | Salin sa Filipino |
|---|---|---|
| K1 | *"Mas sanay ako magsulat sa English. Maglisud ako mag translate ng words sa English to Filipino naman hamok ako mali. Mas sanay ako sa pagsulat sa Ingles. Nahihirapan ako sa pagsasalin ng mga salita mula Ingles patungong Filipino kaya madalas akong magkamali."* | "Mas sanay ako sa pagsusulat sa Ingles. Nahihirapan ako sa pagsasalin ng mga salita mula Ingles patungong Filipino kaya madalas akong magkamali." |
| K5 | *"Mas sanay ako sa wikang English. Nakaapekto ine kay ug maghimo ako pangungusap usahay isuwat ko nay sa English tapos itranslate ko sa Tagalog . Pero may if iitranslate sa English to Tagalog usahay mag error kay word by word ko sa."* | "Mas sanay ako sa wikang English. Nakaapekto ito sa akin dahil kapag gumagawa ako ng pangungusap, minsan isinusulat ko muna ito sa English at saka ko isinasalin sa Tagalog. Pero kapag isinasalin ko mula English papuntang Tagalog, minsan nagkakaroon ng kamalian dahil isinasalin ko ito nang paisa-isang salita." |
| K7 | *"Maglisud ako kay nakasanayan ko Mother Tongue ug English sa pag abot sa subject na Filipino maglibog ako sabot pero once i-translate ko sa English masabtan ko na siya. Mas sanay ako magsuwat ng essay na English."* | "Nahihirapan ako dahil nakasanayan ko ang paggamit ng mother tongue at Ingles. Kapag dumating na ang asignaturang Filipino, nalilito ako sa pag-unawa, ngunit kapag isinasalin ko ito sa Ingles, mas naiintindihan ko na. Mas sanay din akong magsulat ng sanaysay sa Ingles." |
| K10 | *"Mas sanay ko sa Tandaganon ug English naman usahay lisod mag Filipino."* | "Mas sanay ako sa Tandaganon at Ingles, kaya minsan nahihirapan akong magsalita o magsulat sa Filipino." |

Inilalahad sa Talahanayan 3.2 na ang isa sa mga pangunahing sanhi ng sintaktikong kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino ay ang malakas na impluwensya ng kanilang unang wika at wikang Ingles. Batay sa mga pahayag nina K1, K5, K7, at K10, lumilitaw na mas sanay sila sa Ingles at mother tongue kaysa Filipino, kaya nagkakaroon ng kahirapan sa pagsulat at pagsasalin ng mga ideya. Ang ganitong resulta ay kaayon ng binigyang-diin nina Al Farisi at Malihah (2024) na ang *mother tongue interference* ay nagdudulot ng maling pagkakasunod-sunod ng mga salita at hindi wastong pagbuo ng pangungusap, tulad ng naranasan ng mga kalahok.

Makikita rin sa mga pahayag nina K1 at K5 ang paggamit ng *"word-for-word translation,"* na nagreresulta sa hindi natural na estruktura ng pangungusap. Sinusuportahan ito nina Shabbir et al. (2025) na ang ganitong uri ng pagsasalin ay bunga ng limitadong kakayahang panggramatika at labis na impluwensya ng unang wika, na nagdudulot ng sintaktikong kamalian sa pagsulat.

Dagdag pa rito, ang pahayag nina K7 at K10 na mas nauunawaan nila ang Ingles kaysa Filipino ay nagpapakita ng hindi pantay na kasanayan sa pagitan ng mga wika, na ayon kina Al-Sofi at Mansour (2022) ay nagreresulta sa hindi malinaw at hindi organisadong akademikong pagsulat dahil sa limitadong kaalaman sa target na wika.

Lumilitaw sa datos na ang *linguistic interference* o panghihimasok ng wika mula sa unang wika at Ingles ay direktang nakaaapekto sa sintaktikong kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ipinapakiita ng resulta na kinakailangan ang mas malalim na paglinang ng kasanayan sa Filipino bilang target na wika, partikular sa pagbuo ng pangungusap at pagsasalin ng ideya, upang mabawasan ang epekto ng *linguistic interference* at mapahusay ang sintaktikong kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

***Talahanayan 3.3. Tema 3: Kahirapan sa Gramatikal na Tuntunin***

| Kalahok | Orihinal na Pahayag | Salin sa Filipino |
|---|---|---|
| K2 | *"Nalilito ako sa semi-colon, colon, at sa ng at nang."* | "Nalilito ako sa paggamit ng semi-colon, colon, at "ng" at "nang." |
| K3 | *"Meron po yung question mark o paggamit sa bantas."* | "May problema ako sa paggamit ng bantas tulad ng question mark." |
| K5 | *"Paggamit ng "ng" at "nang" "raw at daw" din at rin minsan nalilito ako."* | "Nalilito ako sa paggamit ng "ng at nang," "raw at daw," at "din at rin." |
| K7 | *"Yaun halos tanan, din at raw, ng at nang."* | "Halos lahat tulad ng "din at raw" at "ng at nang". |
| K9 | *Oo, nalilito ako sa paggamit ng "ng" at "nang." Usahay sab yaun sakto na gamit sa datapuwat, bagamat, bagaman, gayunpaman basta hamuk ako kalibgan ma'am. Minsan mali ang nagagamit ko kahit simple lang.* | "Oo, nalilito ako sa paggamit ng 'ng' at 'nang.' Minsan din nalilito ako sa tamang gamit ng mga salitang tulad ng datapuwat, bagamat, bagaman, at gayunpaman. Kaya madalas akong magkamali kahit sa mga simpleng bagay." |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa Talahanayan 3.3, lumilitaw na ang pangunahing sanhi ng mga sintaktikong kamalian ay ang kahirapan sa pag-unawa at paggamit ng mga tuntunin sa gramatika at bantas. Ito ay sinusuportahan nina Contreas (2024) na nagsasabing kahit may kaalaman ang mga mag-aaral sa gramatika, hindi nila ito naiaaplay nang wasto sa pagsulat.

Ang pagkalito sa paggamit ng "ng at nang," "raw at daw," at iba pang katulad na salita ay nagdudulot ng maling pagbuo ng pangungusap. Ayon kay Tica-A (2024), ang maling paggamit ng mga elementong gramatikal ay nagpapakita ng kahinaan sa morpolohikal at sintaktikong kaalaman.

Dagdag pa rito, ang kakulangan sa kaalaman sa bantas ay nakaaapekto sa kalinawan ng pangungusap. Ito ay sinusuportahan ni Kaur (2024) na nagsasabing ang kahinaan sa bantas at organisasyon ng ideya ay nagdudulot ng hindi malinaw na sulatin.

Batay sa kabuuang resulta, kinakailangan ang mas pinaigting na pagsasanay sa gramatika at bantas upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat at mabawasan ang mga sintaktikong kamalian ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ang pagbibigay ng mas maraming gawain na nakatuon sa aktuwal na paggamit ng mga tuntunin sa konteksto ng pagsulat upang mas malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglalapat nito. Bukod dito, dapat ding palakasin ang pagbibigay ng agarang feedback ng guro upang matukoy at maitama ang mga kamalian sa tamang oras. Sa ganitong paraan, mas mapauunlad ang kalinawan, wastong estruktura, at kabuuang kalidad ng kanilang akademikong pagsulat sa Filipino.

***Talahanayan 3.4. Tema 4: Kakulangan sa Kasanayan sa Pagsulat***

| Kalahok | Orihinal na Pahayag | Salin sa Filipino |
|---|---|---|
| K3 | *"Siguro yung pagiging makakalimutin, dahil kagaya ng sabi ko kanina na elementarya pa lang tinuturo na pero nakakalimutan Talaga." Tapos yaun usahay kulang bitaw sa time nan discussion kay damun activities sa school.* | "Marahil ay dahil sa pagiging makakalimutin, sapagkat tulad ng aking nabanggit kanina, itinuro na ito noong elementarya pa lamang ngunit talagang nakakalimutan. Bukod pa rito, minsan ay kulang ang oras sa talakayan dahil sa dami ng mga gawain sa paaralan."sa pagsulat. |
| K6 | *"kuan bilang estudyante dili sa gayud perfect an pagsuwat kay we are still learning expected isab na magkamali."* | "Bilang estudyante, hindi pa perpekto ang pagsusulat dahil kami ay patuloy pang natututo at inaasahang magkamali.'" |
| K9 | *"Kulang ko ug practice mao dili pa ko kabalo kaayo sa sakto na pagsulat."* | "Kulang ako sa pagsasanay kaya hindi pa ako mahusay sa tamang pagsulat." |
| K10 | *"Usahay kulang ang oras sa discussion mao dili kaayo nako masabtan tanan mao magkamali gihapon ko."* | "Minsan kulang ang oras ng talakayan kaya hindi ko lubos na nauunawaan at nagkakamali pa rin ako." |

Batay Talahanayan 3.4, ang pangunahing sanhi ng sintaktikong kamalian ay ang kakulangan sa kasanayan sa pagsulat, limitadong pagsasanay, kakulangan sa oras ng pagkatuto, at pagkalimot sa mga natutunan. Naaayon ito sa pag-aaral ni Peteros (2024) na nagsasaad na ang kakulangan sa regular na pagsasanay sa pagsulat ay nagdudulot ng mababang kasanayan sa pagbuo ng pangungusap at mga kamaliang panggramatika.

Dagdag pa rito, ayon kina Kaur (2024), ang limitadong oras ng pagkatuto ay nakaaapekto sa kahusayan sa pagsulat at kalinawan ng pangungusap. Samantala, ipinapakita nina Gilana at Marbella (2023) na ang pagkatuto sa gramatika ay unti-unting proseso na nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay at gabay.

Sinusuportahan din ito nina Matusalem et al. (2025) na ang limitadong pagkakaroon ng karanasan sa mga gawaing pagsulat ay nagdudulot ng paulit-ulit na kamalian sa pagsulat.

Ipinapakita na ang kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ay bunga ng limitadong kasanayan, oras, at patuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng resulta na ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ay nangangailangan ng regular, malalim, at tuloy-tuloy na pagsasanay upang maiangat ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, ipinahihiwatig din nito na dapat magkaroon ng sistematikong pagdidisenyo ng mga gawaing pampagkatuto na nakatuon hindi lamang sa tamang gramatika kundi pati sa aktuwal na paggamit ng wika sa konteksto ng pagsulat.

Mahalaga rin ang papel ng mga guro sa paglinang ng mga estratehiyang pampagtuturo na nakasentro sa mag-aaral, tulad ng *scaffolded writing tasks, peer editing, at feedback-based assessment* upang mas maging epektibo ang pagkatuto. Sa ganitong paraan, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matukoy at maitama ang kanilang sariling kamalian habang patuloy na nahuhubog ang kanilang kakayahan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 3.5. Tema 5: Hindi Organisadong Pag-iisip sa Pagsulat***

| Kalahok | Orihinal na Pahayag | Salin sa Filipino |
|---|---|---|
| K1 | *"Pag masuwat ako may barriers, damun mangutana sako na to the point malimtan ko na an ako own sentences, ugsa maglibog ako sa ing ana na makaapekto sa ako pagsuwat na to the point na magkasayup-sayup ako."* | "Kapag nagsusulat ako, may mga hadlang at maraming nagtatanong kaya nakakalimutan ko ang sariling pangungusap ko at nagiging magulo ang aking pagsusulat." |
| K2 | *"Minsan nagiging maganda naman ang article pero kadalasan nagkakaroon siya ng like hindi pagkakaunawaan ng ideya like hindi sya klaro o malinaw."* | "Minsan maganda ang sulatin pero kadalasan nagiging hindi malinaw ang ideya." |
| K9 | *"Lisod siya labi na kung taas na akong isulat kay maglibog ko sa pag-organize sa ideas."* | "Mahirap lalo na kapag mahaba ang sinusulat ko dahil nalilito ako sa pag-aayos ng ideya." |
| K10 | *"Maglibog ko ug samot magulo kung dugangan nako."* | Mas lalo akong nalilito at nagiging magulo kapag dinadagdagan ko ang ideya. |

Makikita sa Talahanayan 3.5, lumilitaw na ang hindi organisadong pag-iisip sa pagsulat ay isa sa mga sanhi ng sintaktikong kamalian sa Filipino. Makikita ito sa kanilang pagkalito sa pagbuo at pag-aayos ng ideya; halimbawa, binanggit ni K1 ang pagkalimot sa sariling pangungusap dahil sa distraksiyon, samantalang sina K9 at K10 ay nahihirapang iorganisa ang ideya lalo na sa mas mahahabang sulatin. Ipinapakita nito na ang suliranin ay hindi lamang lingguwistiko kundi pati kognitibo.

Ang disorganisasyong ito ay nakaaapekto sa koherens at kohesyon ng teksto. Ayon kina Martin, Quiroz, at Wang (2023), mahalaga ang maayos na organisasyon ng ideya upang makabuo ng lohikal na daloy ng pangungusap. Kaugnay nito, ipinapaliwanag ni Radford (2023) na ang sintaktikong kaayusan ay nakabatay sa maayos na ugnayan ng mga salita at sugnay, kaya ang pagkalito sa ideya ay nagdudulot ng kamalian sa estruktura. Sinusuportahan din ito nina Siregar et al. (2023), na nagsasabing ang kakulangan sa koherens at kohesyon ay nagreresulta sa hindi malinaw na sulatin.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang sintaktikong kamalian ay hindi lamang dulot ng kakulangan sa gramatika kundi pati ng kahinaan sa pag-oorganisa ng pag-iisip. Dahil dito, kinakailangang ituon ang pagtuturo hindi lamang sa tuntunin ng wika kundi pati sa paglinang ng malinaw na pagbuo at pagsasaayos ng ideya.

Ipinapakita rin ang pangangailangan ng mga *pre-writing activities* tulad ng *brainstorming, outlining,* at *concept mapping* upang matulungan ang mga mag-aaral na maayos ang daloy ng kanilang kaisipan bago sumulat. Mahalaga rin ang gabay at feedback ng guro sa bawat yugto ng proseso ng pagsulat upang mas maging malinaw at organisado ang output ng mga mag-aaral.

**Nabuong Kagamitang Pampagkatuto**

Dahil dito, nakabuo ang mananaliksik ng isang kagamitang pampagkatuto na tinawag na "*Linang-Sulat: Paglinang ng Sintaktik na Kasanayan sa Pagsulat ng Iba't Ibang Teksto,"* isang *web-based learning material* na binuo gamit ang Google Sites. Ang Linang-Sulat ay isang makabagong kagamitang pampagkatuto na naglalayong mapalawak at mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng sintaks sa pagsulat sa pamamagitan ng mga interaktibo at organisadong aralin, gawain, at pagsasanay. Sa pamamagitan nito, naihahatid ang mga konsepto sa mas malinaw, biswal, at madaling ma-access na paraan na nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa at paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat, maging sa loob man o labas ng silid-aralan.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Natuklasan sa pag-aaral na ang antas ng sintaktikong kamalian ng mga mag-aaral ay katamtaman sa antas ng parirala ngunit mataas sa antas ng sugnay at pangungusap. Kabilang sa mga pinakakaraniwang kamalian ang maling pag-uugnay ng mga bahagi ng pananalita, hindi malinaw na ideya sa sugnay, at maling paggamit ng bantas. Ipinakita rin ng panayam na ang mga kamaliang ito ay naiimpluwensiyahan ng limitadong bokabularyo, impluwensya ng unang wika at wikang Ingles, kakulangan sa kaalaman sa gramatika, limitadong pagsasanay sa pagsulat, at kahinaan sa organisasyon ng pag-iisip. Bilang tugon sa mga natukoy na suliranin, nabuo ang *Linang-Sulat: Web-based na Kagamitang Pampagkatuto* upang makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa sintaks at akademikong pagsulat.

Batay sa mga natuklasan, nananatiling hamon sa mga mag-aaral ang wastong pagbuo ng sugnay at pangungusap sa pagsulat sa Filipino. Ipinakikita ng resulta na ang sintaktikong kamalian ay hindi lamang bunga ng kakulangan sa kaalamang panggramatika kundi kaugnay rin ng limitadong bokabularyo, kahirapan sa pagpapahayag ng ideya, at kahinaan sa organisasyon ng pag-iisip. Dahil dito, kinakailangan ang mas sistematiko at komprehensibong pagdulog sa pagtuturo ng pagsulat upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw, lohikal, at organisadong pagpapahayag. Sa kontekstong ito, ang paggamit ng angkop at makabagong kagamitang pampagkatuto tulad ng *Linang-Sulat* ay maaaring magsilbing mabisang suporta sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

Inirerekomenda na higit pang paigtingin ng mga guro sa Filipino ang pagtuturo ng sintaks sa pamamagitan ng regular na pagsasanay sa pagsulat, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagbibigay-diin sa wastong paggamit ng bantas at estruktura ng pangungusap. Mahalaga ring magsagawa ng mga programang pang-akademiko at pang-interbensiyon upang matugunan ang

mga natukoy na kahinaan sa pagsulat. Hinihikayat ang mga tagapaglinang ng kurikulum at manunulat ng kagamitang pampagkatuto na bumuo ng mga materyales na nakatuon sa pagpapaunlad ng sintaks at akademikong pagsulat. Maaari ring gamitin ang *Linang-Sulat* bilang suplementaryong kagamitang pampagkatuto upang higit na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral at mabawasan ang mga sintaktikong kamalian sa Filipino.

## MGA REFERENSIYA


1. *Al Farisi, M., & Malihah, N. (2024). Syntactic errors in L2 learners' writing: Mother tongue interference and developmental processes. Journal of Second Language Writing Studies, 18(2), 55–70.*
2. *Al-Sofi, B. B. M., & Mansour, A. A. (2022). Syntactic errors in Saudi EFL learners' writings: Types, sources, and remedial strategies. Journal of Research in Language & Translation, 2(1), 1–24. https://doi.org/10.33948/JRLT-KSU-2-1-1*
3. *Alodos, R., & Tomas, J. (2024). Grammatical and orthographic competence in Filipino writing. Philippine Journal of Language Education, 9(1), 21–35.*
4. *Arsate, M., Cruz, L., & Reyes, P. (2025). Error analysis in Senior High School academic essays. Asian Journal of Educational Research, 14(1), 44–60.*
5. *Aisyah, N., & Subekti, A. (2023). Analysis of syntactic errors in tertiary students' writing. Journal of Applied Linguistics and Language Research, 10(2), 45–60.*
6. *Biscarra, J. (2025). Communicative approach in teaching grammar and syntactic structures. Journal of Language Teaching Innovations, 6(1), 12–25.*
7. *Contreas, L. (2024). Grammatical application gaps in academic writing among students. Philippine Educational Review, 8(3), 50–66.*
8. *Corder, S. P. (1967). The significance of learners' errors. International Review of Applied Linguistics in Language Teaching, 5(4), 161–170.*
9. *Dewanto, R. (2025). Interlanguage development and syntactic error patterns among EFL learners. Indonesian Journal of English Language Teaching, 13(1), 70–88.*
10. *Galupo, M. S. (2024). Syntactic analysis of the narrative essays of senior high school students. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 8(10), 3183–3191. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.8100268*
11. *García, M. (2024). Morphosyntactic errors in second language writing. Journal of Applied Linguistics, 20(2), 90–105.*
12. *Gilana, R., & Marbella, P. (2023). E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino para sa Baitang 9. Philippine Journal of Educational Technology, 5(2), 10–28.*
13. *Hikmah, S., & Wahyudi, T. (2023). Language interference in syntactic and morphological structures. Journal of Language and Linguistics, 15(2), 65–80.*
14. *Ilahi, B. I., Sujani, M. J. F., Nowzath, M. B., & Umashankar, S. (2025). An analysis of syntactical errors in essay writing among ESL learners. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(1), 5146–5155. https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9010399*
15. *Hao, Y., Wang, X., Wu, M., & Liu, H. (2021). Syntactic networks of interlanguage across L2 modalities and proficiency levels. Frontiers in Psychology, 12, Article 643120. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.643120*
16. *Hassan, H.-D. (2024). Recognizing and rectifying syntactic errors in grasping English language: Insights from BA ELS students at Mindanao State University-Sulu. TIJER (International Research Journal), 11(11). https://doi.org/10.2139/ssrn.5038632*
17. *Into, C. A. D. (2024). Post-pandemic assessment of fundamental reading, writing, and arithmetic skills of learners using DepEd–Bureau of Education Assessment data. International Journal of Research and Innovation in Social Science. DOI: 10.62718/vmca.pr-ijetas.2.1.SC-0624-022*
18. *Kadek Heni Oktarina Wisudayanti , Putu Desi Anggerina Hikmaharyanti (2021). Interlanguage Error of ESL Students in English Writing Assignment. Vol. 82, Issue 1, Paper pages. 97-103. DOI: 10.47119/IJRP100821820212159*
19. *Kaur, P. (2024). Writing difficulties among junior high school students: A linguistic analysis. Journal of Educational Studies, 19(2), 40–58.*
20. *Komisyon sa Wikang Filipino. (2013). Ortograpiya ng wikang Filipino. KWF.*
21. *Martin, J. R., Quiroz, A., & Wang, L. (2023). Systemic functional grammar: A text-based description of English, Spanish and Chinese. Routledge.*
22. *Martin, J. R., & Cruz, P. A. T. (2025). Analyzing Filipino discourse: Meaning in text. Philippine Linguistic Studies Press.*
23. *Oshima, A., & Hogue, A. (2020). Longman academic writing: Paragraphs to essays (2nd ed.). Pearson.*
24. *Pham, Q. N., & Pham, V. P. H. (2024). Common syntactic errors in the writing skills of the 3rd year students at Van Lang University. International Journal of TESOL & Education, 4(2), 118-144.*
25. *Peteros, E. (2024). Effectiveness of module-based instruction in writing mechanics. Asian Journal of Education and Development, 7(1), 18–32.*
26. *Peungcharoenkun, T., & Waluyo, B. (2023). Implementing process-genre approach, feedback, and technology in L2 writing in higher education. Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education, 8(1), Article 34. https://doi.org/10.1186/s40862-023-00211-7*
27. *Rada, K. S. D. T. (2025). The syntactic analysis of the written outputs of the engineering students of Camarines Sur Polytechnic Colleges. Research and Analysis Journal, 8(4), 1–5. https://doi.org/10.18535/raj.v8i04.516*
28. *Radford, A. (2023). Analysing English sentence structure: An intermediate course in syntax. Cambridge University Press.*
29. *Shenivel E. Bante, Khaea P. Nodado, Shane N. Anudin, Aubrey Ann A. Jetoya, Diza M. Rolida , Pagsusuri Sa Kamalian Sa Sanaysay Ng Mga Mag-Aaral Sa Antas Sekundarya , Volume 10 , Issue 7, July 2024, Epra International Journal Of Multidisciplinary Research (Ijmr) ,*
30. *Selinker, L. (1972). Interlanguage. International Review of Applied Linguistics in Language Teaching, 10(3), 209–231.*
31. *Siregar, R., et al. (2023). Analysis of student error in writing descriptive text. Journal of English Education and Linguistics, 8(1), 12–27.*
32. *Torres, M., & Mayo, L. (2025). Interlingual transfer in second language writing. Journal of Applied Language Studies, 14(2), 33–50.*
33. *Valenzuela, M. (2020). Linguistics for TESOL: Theory and practice. Sage Publications.*

34. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.*
35. *Waruwu, Y. (2022). The Description of Grammatical Errors in the Eighth Grade Students' Descriptive Text of SMP Negeri 2 Gunungsitoli Utara in 2021/2022. Formosa Journal of Multidisciplinary Research, 1(3), 719–732. https://doi.org/10.55927/fjmr.v1i3.808*
36. *Yna G. Matusalem, Jamila S. Jilhanu, Prences Mae M. Langga, Jake B. Doloricon, Ella L. Sala, & Sittie Aina T. Pandapatan. (2025). English Writing Performance and Syntactic Errors: The Case of Southern Palawan ESL Learners. International Journal of English Language Studies, 7(3), 10-24. https://doi.org/10.32996/ijels.2025.7.3.2*
37. *Zamar, S. (2023). Filipino: An essential grammar. University Press.*
38. *Zhang, X., & Zhang, R. (2023). Feedback, response, and learner development: A sociocultural approach to corrective feedback in second language writing. SAGE Open, 13(1). https://doi.org/10.1177/21582440231157680*